
4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 3: Hangganan at Lawak ng Teritoryo ng Pilipinas




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 3: Hangganan at Lawak ng Teritoryo ng Pilipinas**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Flaviana Merciales
**Editor:** Jerry P. Ramirez
**Tagasuri:** Ana N. Calisura
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Edsel D. Doctama
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad
Francisco B. Bulalacao Jr.
Grace U. Rabelas
Ma. Leilani R. Lorico
Imelda R. Caunca
Marites B. Tongco

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 3: Hangganan at Lawak ng Teritoryo ng Pilipinas

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Hangganan at Lawak ng Teritoryo ng Pilipinas**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Hangganan at Lawak ng Teritoryo ng Pilipinas**.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

***Tayahin***

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

***Karagdagang Gawain***

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

***Susi sa Pagwawasto***

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

***Sanggunian***

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang mundo ay malawak. Sa lahat halos ng lupalop nito ay may bansang matatagpuan. Ang bawat bansa ay may sariling teritoryo o nasasakupan. Maituturo mo ba ang Pilipinas sa mapa o sa globo? Masasabi mo ba agad ang lawak at hangganan nito? Mahalaga bang malaman mo ang hangganan at lawak ng teritoryo ng ating bansa?

**Pamantayang Pangnilalaman**

Naipamamalas ang pangunawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal gamit ang mapa.


**Pamantayan sa Pagganap**

Naipamamalas ang kasanayan sa paggamit ng mapa sa pagtukoy ng iba't ibang lalawigan at rehiyon ng bansa.

**Pamantayan sa Pagkatuto**

Pagkatapos mong basahin ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Natutukoy ang mga hangganan at lawak ng teritoryo ng Pilipinas gamit ang mapa. **(AP4AAB-Id- 7)**.



## Subukin

MASAYA AT MALUNGKOT NA MUKHA!

Lagyan ng kung ang may salungguhit ay tama at naman kung ito ay mali. Isulat ang sagot sa notbuk:

_____1. Ang Pilipinas ay may sariling teritoryo na binubuo ng mahigit sa 7,641 na pulo.
_____2. Ang Pilipinas ay bahagi ng Timog-Silangang Asya.
_____3. Ang Pilipinas ay isang kapuluang napapalibutan ng anyong lupa.
_____4. Matatagpuan ang Pilipinas sa Kanlurang Asya.
_____5. Nasa Hilaga ng Pilipinas ang Cambodia.
_____6. Napaliligiran ang Pilipinas ng mga bansa at tubig.
_____7. Umaabot sa 300,000 kilometro kwadrado ang lawak ng Pilipinas.
_____8. Ang pambansang teritoryo ng Pilipinas ay batay sa Artikulo I ng Saligang Batas ng 1987.
_____9. Malapit lang sa Pilipinas ang Estados Unidos.
_____10. Nasa kanluran ng bansa ang Laos.

## Balikan

Subukan natin ang iyong natutuhan sa nakarang aralin. Piliin ang tamang sagot sa kahon. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| Bisinal | Asya | Insular |
| Pintuan ng Asya | Relatibong lokasyon | |

______1. Ito ay paraan ng pagtukoy ng isang lugar o bansa batay sa kinalalagyan ng mga katabi o kalapit nitong lugar.
______2. Ito ay tawag sa pagtukoy ng lokasyon gamit ang mga bansang nakapaligid dito.
______3. Tawag sa pagtukoy ng lokasyon sa pamamagitan ng pag-alam ng mga anyong tubig na nakapaligid dito.
______4. Ito ang pinakamalaking kalupaan o lupalop sa buong daigdig.
______5. Taguri sa Pilipinas dahil sa kinalalagyan nito sa Pasipiko.

# Aralin 1 Hangganan at Lawak ng Teritoryo ng Pilipinas


## *Tuklasin*

LOOP A WORD

Suriin mo ang puzzle sa ibaba. Bilugan ang mga salitang mabubuo.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | P | I | L | I | P | Y | P | N |
| S | E | Y | S | H | L | I | C | M |
| V | R | U | F | T | M | O | B | J |
| T | E | R | I | T | O | R | Y | O |
| H | J | K | L | O | R | Y | H | G |
| K | P | L | A | W | A | K | S | G |
| X | E | R | T | Y | U | I | O | P |
| P | I | L | I | P | I | N | A | S |

Ano ang mga salitang nabuo mo? Magaling!



## *Suriin*

Ang teritoryo ay tumutukoy sa sukat ng lupaing sakop ng isang lugar. Kasama rito ang mga katubigan na nakapaloob at nakapaligid sa kalupaan, at ang mga kalawakang itaas na katapat nito.

Ang pambansang teritoryo ng Pilipinas batay sa Artikulo 1 ng Saligang Batas ng 1987 ay binubuo ng kapuluan ng Pilipinas. Ito ay binubuo ng sumusunod

1. Lahat ng mga pulo at mga karagatang nakapaloob dito.
2. Mga teritoryo na nasa ganap na kapangyarihan o hurisdiksiyon ng bansa.

Teritoryong nasa hurisdikdiyon ng Pilipinas

- kalupaan
- katubigan
- himpapawirin
- dagat teritoryal
- ilalim ng dagat
- kailaliman ng lupa
- kalapagang insular
- pook submarina

Sa mapa sa ibaba makikitang ang Pilipinas ay bahagi ng Timog-Silangang Asya. Napapaligiran ang bansa ng Taiwan, China, at Japan sa hilaga; Malaysia, Vietnam, Laos, Cambodia, at Thailand sa kanluran; at Indonesia sa timog.

Humigit kumulang sa 1 000 kilometro ang layo ng Pilipinas mula sa kalakhang kontinente ng Asya. Napapaligiran ito ng mga anyong tubig gaya ng Bashi Channel sa hilaga, Karagatang Pasipiko sa silangan, Dagat Celebes sa timog at Dagat Kanlurang Pilipinas sa kanluran.




SOURCE: https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/f/fc/Southeast_asia.svg


Ang Pilipinas ay halos kasinglaki ng Gran Britanya, Espanya, at Italya. Kung ihahambing naman sa Belgium, Denmark, at Holland ay sampung beses ang laki ng ating bansa. Ngunit higit na malaki ang mga bansang China at Australia sa Pilipinas.

Kung ihahambing naman ang ating kapuluan sa bansang Indonesia mas maliit ang kapuluan natin.


Ang Pilipinas ay binubuo ng mahigit sa 7 641 mga pulo. Ang lawak nito ay umaabot sa 300 000 kilometro kuwadrado. May1 851 kilometro ang haba mula sa hilaga patimog at umaabot naman sa 1 107 kilometro ang lawak nito mula sa kanluran pasilangan.


Kung pagbabatayan ang mapa, masasabing ang Pilipinas ay:

- bahagi ng kontinente ng Asya at nabibilang sa mga bansa sa rehiyong Timog-silangang Asya;
- isang kapuluang napapalibutan ng mga anyong tubig;
- bahagi ng karagatang Pasipiko;
- malapit lamang sa malaking kalupaan ng bansang China; at
- at malayo sa mga bansang nasa kontinente ng United States of America at Europe



*Pagyamanin*




A. Lagyan ng *tse*k ang kahon kung tama ang pahayag ukol sa Pilipinas at *ekis* naman kung mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

☐ 1. Ang Pilipinas ay bahagi ng kontinente ng Asya at nabibilang sa mga bansa sa rehiyong Timog-Silangang Asya.


☐ 2. Ang Pilipinas ay bahagi ng karagatang Indian.


☐ 3. Ang Pilipinas ay malapit sa malaking kalupaan ng China.

☐ 4. Ang Pilipinas ay malayo sa mga bansang nasa kontinente ng United States of America at Europe.

☐ 5. Ang Pilipinas ay napapaligiran ng mga anyong lupa.

B. Pangkatin ang mga bansang *kasinglaki* ng Pilipinas, *mas malaki* sa Pilipinas at *sampung beses ang laki* ng Pilipinas.






Nasagutan mo ba ang mga katanungan? Gusto mo pa bang maragdagan ang iyong natutuhan? Sige, galingan mo sa pagpapatuloy ng mga gawain.

C. Basahin ang mga pahayag tungkol sa aralin. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot:

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| ___1. Ito ay tumutukoy sa sukat ng lupaing sakop ng isang lugar. | A. Saligang Batas ng 1987 |
| ___2. Nakapaloob sa batas na ito ang sakop ng pambansang teritoryo ng Pilipinas. | B. 7,641 |
| ___3. Ang Pilipinas ay binubuo ng ___ pulo. | C. Teritoryo |
| ___4. Ilang kilometro kwadrado ang lawak ng Pilipinas. | D. 1 851 |
| ___5. Ilang kilometro ang haba ng Pilipinas mula hilaga patimog. | E. 300 000 |






Naalala mo ba ang mga napag-aralan mo? Tara palawakin pa natin ang iyong kaalaman.









# *Isaisip*


SIMBOLUHAN



A. Palitan ang mga simbolo, ng mga salitang katumbas nito upang mabuo ang maikling sanaysay tungkol sa paksang napag-aralan mo. Isulat mo ito sa sagutang papel.

 Pilipinas  Pulo  Asya  Teritoryo

 Bashi Channel  Kanluran  Timog  Hilaga

 Kilometro  Kontinente

1. Ang  ay bahagi ng Timog-Silangang . Napapaligiran ito ng  sa , Karagatang Pasipiko sa Silangan, dagat Celebes sa  at Dagat Kanlurang Pilipinas sa .

2. Humigit-kumulang sa 1 000  ang layo ng  mula sa kalakhang  ng . Napaliligiran ito ng Taiwan, China, at Japan sa ; Malaysia, Vietnam, Laos, Cambodia, at Thailand sa ; at Indonesia sa .

3. Ang lawak ng ay umaabot sa 300, 000 kuwadrado. May 1 851 ang haba nito mula sa patimog, at umaabot naman sa 1 107 ang lawak mula sa pasilangan.


## *Isagawa*

Bilugan ang mga teritoryong nasa ganap na kapangyarihan o hurisdiksiyon ng Pilipinas na nakapaloob sa Artikulo 1 ng Saligang Batas ng 1987.

:

Teritoryo ng Pilipinas

| | |
|---|---|
| Kalupaan ng Pilipinas | Submarina ng Malaysia |
| Kalapagang insular ng Laos | Katubigan ng Pilipinas |
| Himpapawirin ng Pilinas | kailaliman ng lupa ng Pilipinas |
| Dagat teritoryal ng Pilipinas | kailaliman ng dagat Celebes |



## *Tayahin*

A. Batay sa kinalalagyan ng Pilipinas sa mapa ng mundo, buuin ang mga salita sa kahon upang matukoy ang konsepto ng aralin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang Pilipinas ay kapuluang na napapaligiran ng ____.

| G U B T I |
|---|

2. Ang United States of America ay masasabing ____ sa Pilipinas.

| Y O L A A M |
|---|

3. Kung ihahambing sa kapuluan ng Indonesia, ang lawak ng teritoryo ng Pilipinas ay masasabing mas _____.

| I L I T A M |
|---|

4. Sa kabuuan, ang lokasyon o kinalalagyan ng Pilipinas ay masasabing, ang buong _____ay napapaligiran ng tubig.


| P A L U A K A N |
|---|

5. Kung ikaw ay maglalakbay mula sa Pilipinas papuntang China masasabing ito ay ____.

| P I T L A AM |
|---|

B. NUMBER BUSTER

Piliin ang tamang sagot sa mga bituin, at isulat sa sagutang papel.




_________1. Humigit-kumulang ilang kilometro ang layo ng Pilipinas mula sa kalakhang kontinente ng Asya?

_________2. Ilang pulo ang bumubuo sa Pilipinas?

_________3. Ilang kilometro ang lawak o laki ng teritoryo ng bansa?

_________4. Ilang kilometro ang haba ng Pilipinas mula sa hilaga pa timog?

_________5. Ilang kilometro naman ang lawak nito mula sa kanluran pasilangan?

## *Karagdagang Gawain*

GAWAIN 1

Ibigay ang mga anyong tubig na nakapaligid sa Pilipinas.




GAWAIN 2

PUSUAN

Lagyan ng ♡ ang mga pahayag na tumutukoy sa lawak at teritoryo ng Pilipinas at ✕ ang hindi.

_____1. Ang Pilipinas ay bahagi ng kontinente ng America.
_____2. Ang Pilipinas ay isang kapuluang napapalibutan ng anyong tubig.
_____3. Ang Pilipinas ay malapit sa malaking kapuluan ng China.
_____4. Ang Pilipinas ay bahagi ng dagat Celebes.
_____5. Ang teritoryo ng Pilipinas ay binubuo ng kalupaan, katubigan at himpapawirin.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.

# Susi sa Pagwawasto

| PAYAMANIN | BALIKAN | SUBUKIN |
|---|---|---|
| A. 1./ 2.X 3. / 4. / 5.X<br><br>B. Kasinglaki ng Pilipinas- Spain, Italy<br><br>Mas Malaki sa Pilipinas-China, Australia<br><br>Sampung beses ang laki sa Pilipinas- Belgium, Denmark<br><br>C. 1. C<br>2. A<br>3. B<br>4. E<br>5. D | 1. Relatibong Lokasyon<br>2. Bisinal<br>3. Insular<br>4. Asya<br>5. Pintuan ng Asya<br><br>**TUKLASIN**<br><br>Teritoryo<br><br>Lawak, Pilipinas | 1. ☺<br>2. ☺<br>3. ☹<br>4. ☹<br>5. ☹<br>6. ☺<br>7. ☺<br>8. ☺<br>9. ☹<br>10. ☺ |

**KARAGDAGANG GAWAIN**

GAWAIN 1

Bashi Channel, Karagatang Pasipiko, Dagat Celebes, Dagat Kanlurang Pilipinas

GAWAIN 2

1.  ,
2. 
3. 
4. 
5. 

**ISAGAWA**

Kalupaan ng Pilipinas, katubigan ng Pilipinas, kailaliman ng Pilipinas, dagat teritoryal ng Pilipinas, himpapawirin ng Pilipinas

**PAGTATAYA**

**A-**

1. TUBIG
2. MALAYO
3. MALIIT
4. KAPULUAN
5. MALAPIT

B-

1. 1 000
2. 7 641
3. 300 000
4. 1 851
5. 1 107

**ISAISIP**

Ang Pilipinas at bahagi ng Timog-Silangang Asya. Napapaligiran ito ng Bashi Channel sa hilaga, Karagatang Pasipiko sa Silangan, Dagat Celebes sa timog,Dagat Kanlurang Pilipinas sa kanluran.

Humigit-kumulang 1 000 kilometrong layo ng Pilipinas mula sa kalakhang kontinente ng Asya. Napapaligiran ito ng Taiwan, China at Japan sa hilaga, Malaysia, Vietnam, Laos, Cambodia, at Thailand sa kanluran at Indonesia sa timog.

Ang lawak ng Pilipinas ay umaabot sa 300 000 kilometro kuwadrado. May 1 851 kilometro ang haba nito mula sa hilaga patimog, at umaabot naman saa 1 107 kilometro ang lawak mula sa kanluran pasilangan.

## *Sanggunian*

Learner's Material, pp15-20
K to 12,

Map of Southeast Asia
https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/f/fc/Southeast_asia.svg
https://en.wikipedia.org/wiki/File:Southeast_asia.svg
Description
English: Southeast Asia
Source: CIA World Factbook converted in SVG
Author: This file is lacking author information.

Phil Map
https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Blank_map_of_the_Philippines_(Provinces).svg#filelinks
Description
English: A blank SVG map with all provinces grouped with their respective islands, etc.
Date 28 October 2012, 17:46:41
Source Own work
Author Photo07

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph